

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي مشروع تَعَلُّم الإسلام – أحكام الصلاة – اللغة الفلبينية

Aralin 10

الدرس العاشر

السنة الرواتب

A. Ang Fard na Saláh

Ang fard na saláh ay saláh na kailangang isagawa at nag-kakasala ang Muslim na hindi nagsagawa nito. Ang bawat mananampalataya ay inatasan ni Allah na gampanan ang limang obligadong saláh. Ang pag-iwas at hindi pagtupad sa tungkuling magsagawa ng saláh, kahit isa man lamang sa limang obligadong saláh ay isang malaking kasalanan at may katapat na kaparusahan.

B. Ang mga Sunnah Rátibah

Ang sunnah rátibah ay saláh na isinasagawa nang kusang-loob, hindi obligado, at hindi nagkakasala ang hindi nagsa-gawa nito. Ginagawa ito noon ni Propeta Muhammad (SAS) bago o matapos gawin ang fard na saláh. Ang saláh na ito ay tinatawag din na sátibah o nafl. Ginagawa rin ito ng Propeta (SAS) sa mga natatangi at pambihirang pagkakataon. Ang saláh na sunnah ay binubuo ng dalawang rak'ah at ginagawa na tulad ng sa fajr, kaya nga lamang ay hindi binibigkas nang malakas ang Súrah alFátihah at ang mga talata ng Qur'án.

Kung hindi naglalakbay kaibig-ibig para sa bawat Muslim at Muslimah na panatilihin ang pagsagawa ng anim na saláh na sunnah rátibah na binubuo ng dalawang rak'ah: dalawang sunnah rátibah bago isagawa ang saláh sa dhuhr at isang sunnah rátibah pagkatapos nito, isang sunnah rátibah pagkatapos ng saláh sa maghrib, isang sunnah rátibah pagkatapos ng ishá', at isang sunnah rátibah bago isagawa ang saláh sa fajr. Ang mga gawaing ito ay ginagawa noon ng Propeta (SAS). Sinabi niya (SAS): *Ang sinumang kusang-loob na nagsasagawa ng labindalawang rak'ah¹ sa maghapon niya at sa gabi niya, gagawan para sa kanya ng isang bahay sa Paraiso.*

Itinatagubilin din sa lahat ng Muslim na isagawa ang isa pang sunnah rátibah na kung tawagin ay witr na ang takdang oras ay nasa pagitan ng pagkatapos ng pagsasagawa ng saláh sa 'ishá' hanggang sa bago sumapit ang fajr. Ang witr at ang sunnah rátibah bago ang fajr ay ilan sa mga sunnah rátibah na hindi kinaliligtaang isagawa ng Propeta (SAS) maging siya man ay naglalakbay o hindi. Ang saláh na witr ay isang saláh na hiwalay sa ibang saláh. Ito ay maaaring gawin sa anumang oras pagkatapos ng 'ishá' hanggang sa pagsapit ng bukang-liwayway. Maaaring ito ay isang rak'ah lamang subalit maaari ring 3 o 5 o 7 o 9 rak'ah. Ang lahat ng bilang na ito ay sinang-ayunan ni Propeta Muhammad (SAS) gaya ng isinasaad ng mga Hadith.

¹ Ang ibig niyang sabihin ay anim na saláh na binubuo ng tigdadalawang rak'ah.